

# Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

## Ang Pamantayang Alituntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle



### Misyon

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagsiguro ng makatarungang paggamit, pagsara ng puwang sa pagkakataon, at kahusayan sa edukasyon para sa bawat mag-aaral.

### Pananaw

Bawat mag-aaral ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay tatanggap ng isang mataas na uri, ika-21 siglong edukasyon at magtatapos handa para sa kolehiyo, karera at buhay.

### Pagkakapantay at Patakaran sa Pagsunod:

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ("SPS") ay nagbibigay ng Pantay na Pagkakataong Edukasyonal at Pantay na Pagkakataon sa Trabaho at hindi nagtatangi sa anumang mga programa o aktibidad batay sa kasarian; lahi; pananalig; kulay; relihiyon; angkan; pinanggalingan; edad; katayuan sa buhay; sekswal na kinalakihan; kasama ang kasariang pananalita o pagkakakilanlan; pagbubuntis, kalagayang matrimonyal; pisikal na anyo; pagkakaroon ng anumang pakiramdam na pagkabaldang mental o pisikal; may karangalan pagkatiwalag na beterano o kalagayang militar; o sa paggamit ng sinanay na giyang aso o serbisyong hayop. Ang SPS ay nagbibigay ng pantay na paggamit sa mga Boy Scouts at ibang hinirang na grupo ng kabataan. Para sa mga mag-aaral at mga miyembro ng publiko, ang mga sumusunod na mga kawani, ang naatasang mangasiwa ng mga katanungan at reklamo laban sa bintang na pagtatangi at maaaring maabot sa:

Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

MS 32-149  
PO Box 34165  
Seattle, WA 98124-1166

Sa pamamagitan ng telepono o email tulad na nakasulat na impormasyon sa ibaba:

*Para sa pag-aalala sa sekswal na diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kontakin:*

Titulo IX Grievance Coordinator, (206) 252-0367 o [title.ix@seattleschools.org](mailto:title.ix@seattleschools.org)

*Para sa pag-aalala sa diskriminasyon sa may kapansanan, kontakin: ADA/Section 504 Grievance Coordinator, (206) 252-0178, or [accessibility@seattleschools.org](mailto:accessibility@seattleschools.org)*

*Para sa lahat ng ibang uring diskriminasyon, kontakin:*

Student Civil Rights Coordinator, (206) 252-0306, or [oscr@seattleschools.org](mailto:oscr@seattleschools.org)

Para sa mga katanungan ng kawani tungkol sa o mga pakiusap na may kaugnayan sa pangangailangan ng may kapansanan at/o reklamo na bintang na diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kontakin: Katulong na Superintendente ng Human Resources, (206) 252-0024, N [hreeoc@seattleschools.org](mailto:hreeoc@seattleschools.org)

### LUPON NG PAARALAN NG SEATTLE

Stephan Blanford Betty Patu Sue  
Rick Burke Peter Scott  
Jill Geary Pinkham

SUPERINTENDENTE

Dr. Larry Nyland

Ang aming Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral ay nagtatakda ng mga alituntunin at patakaran ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle hinggil sa asal ng mag-aaral. Ito ay ginawa sa pagsunod sa mga kailangan ng batas sa Estado at ipinantay sa Estratehikong Plano ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle. Ito ay tumutukoy sa mga seksiyon ng Washington Administrative Code (WAC) na pinamamahalaan ang paggamit ng pagpapatamang aksiyon (hal. disiplina, pagsuspinde at pagpapatalsik) para sa sinumang mag-aaral ng paaralang distrito.

Ang saligan ng patakaran sa disiplina ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay isang paghadlang, sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang positibong paaralang klima na kinabibilangan ng magkahating pag-asam na mabuting kaasalan at isang paniniwala tungkol sa inaasahang asal na kinapapalooban ng mga mag-aaral, pamilya, guro, namamahala, boluntaryo, at ibang kawani. Ang mga pamamaraan ng pagdisiplina at estratatehiya ng paghadlang ay layong bawasan o alisin ang pagkawala ng oras ng pagtuturo at resulta ng pagkataliks sa paaralan dahilan sa masamang asal. Ang dokumentong ito ay natutugkol sa lahat ng mga mag-aaral at idinisenyo upang turuan ang lahat ng miyembro ng pamayanan sa mga alituntunin, patakaran at pamamaraan ng karapatan na marinig. Hinihimok namin ang mga pamilya upang suriin ang Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral kasama ang kanilang mag-aaral. Ito'y inilalarawan ang aming mga pag-asam sa paaralan gayundin kung ano ang maaaring asahan ng mga mag-aaral mula sa mga may edad sa paaralan.

### Mga Pananagutan ng Paaralan

Ang kawani ng paaralan ay may pananagutan na:

- Magbigay tulong sa isang ligtas at positibong klimang pampaaralan;
- Pag-aralan, magmahal at magtayo ng positibong pakikipagsamahan sa mga mag-aaral;
- Panatilihin sa mga mag-aaral ang mataas na pag-asam at magbigay ng may uri at epektibong instruksiyon;
- Magmodelo ng magalang at mapitagang pagtrato;
- Magbigay ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na mapakinggan ng kanilang tinig;
- Pasiglahin ang paglahok ng pamilya sa paglutas sa patuloy na mga problema;
- Pasiglahin ang paglutas ng mga problema sa loob ng paaralan;
- Humanap ng mga kahihinatnan na makatarungan at natural para sa sitwasyon.

### Positibong Paniniwala, Positibong Pakikipag-ugnayan, Positibong Pag-aaral at Positibong Pakikipagsamahan sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

Ang makabuluhang pag-aaral ay nangyayari sa mga kapaligiran na ligtas, positibo, hindi nagbabago, at nahuhulaan ang mangyayari. Kapag ang prinsipyo ng kaalamang pangkultura, kaligtasan, paggalang, katapatan, pananagutan, at katarungan ay ipinakikita sa buong sistema, nagtitiwalang pagsasamahan ang bunga at kahusayan para sa bawat isang mag-aaral ay maaaring makamtan.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagpapatuloy ng kahusayan pangkultura na gumagalang at pinahahalagahan ang pagkakaiba sa buong Distrito sa mga paaralan at sa mga silid-aralan, at nagsisilbing gabay sa mga desisyon sa pagtataguyod ng pantay at makatarungang pagtrato sa lahat.

Ang isang positibong pampaaralang klima ay mahalaga sa pagtataguyod ng isang damdamin ng kung saan ka mabibilang at pagsusuporta sa kahusayan para sa bawat isang mag-aaral. Kabilang sa mga positibong pampaaralang klima ay:

- Isang pananaw batay sa magkasamang paniniwala, pagpapahalaga, ritwal at mga kuwento na lumago bilang bahagi ng kultura.
- Nagtutulungang pagsasamahan at magalang na mga aksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral, pamilya at kawani.
- Makatwiran at pantay na pagtrato na gumagalang at nagpapahalaga sa lahat ng kultura
- Isang pisikal na kapaligiran na tumatanggap, ligtas at maaaring magamit ng lahat.
- Regular na pagtaya at pagrepass sa sarbey sa klima ng paaralan, ng mga mag-aaral, pamilya, kawani at mga maumuhunan.

Karagdagan sa isang positibong klima ng paaralan, nauunawaan namin na paminsan-minsan ang mga mag-aaral ay nakararanas ng emosyonal at/ o pisikal na pagod. Sa mga panahong ito, ang mga mag-aaral ay hinihimok na magbahagi sa isang pinagkakatiwalaang may edad sa paaralan at ang kawani ay may pangako sa pagsuporta sa bawat mag-aaral upang siya ay makalahok ng sapat sa araw ng pag-aaral.

Pagkaminsan ang karagdagang pagpapayo, suporta at mapagkukunan ay makatutulong. Ilang mga ahensiya ng pamayanan ay nagbibigay ng tulong at impormasyon sa kalusugan at mga serbisyo sa tao para sa mga naninirahan sa King County, Maaari kayong tumawag sa 800-621-4636, 206-461-3610 o 211 para sa karagdagang impormasyon.

### Mga Pananagutan ng Mag-aaral

Bilang miyembro ng pamayanan ng paaralan, ang mga mag-aaral ay kinakailangan may personal na pananagutan sa:

- Ibahagi sa isang pinagkakatiwalaang may edad sa paaralan kung sila ay nakararanas ng problemang emosyonal o pisikal para sa layuning makakuha ng tulong o suporta;
- Magmungkahi para sa kanilang edukasyonal, kultural, sosyal at emosyonal na pangangailangan;
- Lumahok sa pinag-isang magalang na pag-uusap sa mga kawani at ibang mga mag-aaral;
- Tanggapin ang makatwirang kalalabasan kung hindi makuha ang mga pag-asam na asal at gamitin ang pagkakataon na matuto sa kanilang kamalian;
- Pumasok sa paaralan araw-araw at handa sa lahat ng klase;
- Makatulong sa isang ligtas at positibong klimang pampaaralan;
- Igalang at alalahanin ang karapatan ng ibang tao at mga grupo;
- Unawain at sundin ang “Batayang Alintuntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle” at mga alintuntunin ng indibidwal na paaralan;
- Magdamit ng maayos para sa paaralan sa paraan na hindi magiging sanhi ng mga suliranin para sa kaligtasan o kalusugan;
- Ipakilala ang sarili sa at sundin ang mga tagubilin ng kawani ng paaralan; at
- Igalang ang ari-arian ng iba at ang paaralan.

#### Mga Karapatan ng Mag-aaral

Bilang miyembro ng pamayanan ng paaralan, ang mga mag-aaral ay may karapatan sa:

- Isang maayos at ligtas na silid-aralan at paaralan;
- Isang may uring edukasyon na may mataas na pag-asam at tamang suporta;
- Magalang at mapitagang pagtrato;
- Mapakinggan sa at marinig ang kanilang tinig.
- Magkaroon ng pantay na paggamit sa mga klase, serbisyo, tulong, at karagdagang aktibidad;
- Makilala at mapangalagaan sa paaralan; at
- Tumanggap ng tumpak na mga kahihinatnan at magbigay ng pagkakataon upang matuto mula sa kamalian.

Sa karagdagan, bilang mamamayan, ang mga mag-aaral ay mayroong karapatang konstitusyonal at mga paaralan ay hindi tamang manghimasok sa mg karapatang iyon. Ang mga paaralan, gayunman, ay maaaring magtakda ng makatwirang limistasyon sa mga karapatang iyon upang matupad ang kanilang pananagutan na makapagturo.

- Kalayaan sa Pananalita
- Pagtitipon
- Petisyon
- Maglathala
- Walang hindi makatarungang pagsaliksik at pagsamsam
- Pantay-pantay na pagkakataon sa pag-aaral
- Relihiyon

### Patalastas sa mga mag-aaral at Magulang na iniutos ng Pederal na Paaralang

#### Walang Droga at Pamayanan Batas ng 1989

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nagbabawal ng labag sa batas na pagtataglay, paggamit, o pamamahagi ng ipinagbabawal na mga droga at alkohol ng mga mag-aaral sa mga lugar ng paaralan o bilang bahagi ng mga aktibidad ng paaralan. Ang pagsunod sa alituntuning ito ay sapilitan; ang mga mag-aaral na nagwawalang bahala sa pagbabawal ay masususpendidong matagal o mapapatalsik. Ang pagtataglay at paggamit ng mga ipinagbabawal na droga at ang pagtataglay at paggamit ng alkohol ay mali at nakapipinsala sa kalusugan at edukasyon. Ang Distrito ay nag-aalok, o maaaring tumulong sa pagsasaayos ng pagkakataon ng pagpapayo sa droga at alkohol, pagbabagong buhay, at pagpasok muli sa programa. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang punong-guro o tapagpayo ng inyong paaralan.

#### Alintuntunin sa Ipinababawal na Asal: Mga Kasalanang Pangdistrito

Ang mga mag-aaral ay hjndi pinapayagang sumali sa ibang mga kilos na nakakagambala o nakasasagabal sa proseso ng edukasyon. Ang mga mag-aaral ay maaaring madisiplina sa pakikisali sa anumang mga sumusunod na asal sa paaralan, sa lugar ng paaralan, sa tinatangkilik ng Distrito na transportasyon, o ibang tinatangkilik ng paaralan na pagdiriwang. Ang mga mag-aaral ay maaari din madisiplina sa mga asal na iyon sa ibang pagkakataon na mayroong tunay at mahalagang kaugnayan sa pagpapatakbo ng Distrito.

Ang pamantayang disiplina para sa mga Kasalanang Pandistrito ay kinabibilangan ng pagbabago sa kapaligiran ng mag-aaral, pulong ng pamilya, pagsasanay ng kasanayan, pagbuo ng isang Positibong Plano sa Pamamagitan sa Asal (PBIP), pagsasangunì sa pagpapayo o ibang mga tulong sa labas, pamamagitan, at sa madalang na okasyon, isang maikling pagsuspinde

- Nakasasagabal na Asal
- Paglabag sa Alintuntunin
- Pagsuway
- Pagsusugal
- Pagsisinungaling
- Pag-angkin sa Gawa ng Iba
- Paggamit o Pagtataglay ng mga Produkto ng Tabako
- Maling Paggamit ng Kompyuter
- Grapite
- Pang-aapi, Pananakot at Panliligalig
- Sekswal na Panliligalig
- Hindi Tamang Sekswal na Pag-uugali
- Hindi Tamang Paghawak sa Isang Bahagi ng Katawan
- Hindi Tamang Pagsasalita
- Mga Laruang Baril at mga Laruang Armas
- Maling Pagbabalita

### Di-Pangkaraniwang Maling Pag-uugali:

Ang mga mag-aaral ay maaaring madisiplina at maaari din maipapulis upang humarap sa kriminal na sakdal, kung gumawa sila ng anumang di-pangkaraniwang maling-asal na nasa listahan sa ibaba samantalang nasa paaralan, nasa lugar ng paaralan, sa tinatangkilik ng Distrito na transportasyon, o sa anumang tinatangkilik ng paaralan na pagdiriwang. Ang mga mag-aaral ay maaari ding madisiplina at maaari ding maibigay sa pulis kung sila ay sumasali sa ganitong di-pangkaraniwang maling asal sa ibang pagkakataon na mayroon tunay at mahalagang kaugnayan sa pagpapatakbo ng Distrito. Ang pangdisiplinang aksiyon ay maaaring kabibilangan ng mga bagay tulad ng pagkawala ng pribelhiyo ng pagdalo sa mga aktibidad na tangkilik ng Distrito, pagkawala ng pribelhiyo ng paggamit ng transportasyon na tangkilik ng Distrito, pagkasuspende o pagpapatalsik.

Ang Lupon ng Paaralan ay tiniyak na ang mga asal na ito ay katumbas ng di-pangkaraniwan na “maling pag-uugali” at maaaring bigyang katwiran ang pagsuspinde para sa unang pagkakasala, subali`t ang mga tagapamahala at opisyal ng pagdìng ay maaaring magbigay ng eksepsiyon sa mga kasong ang napapaloob ay madaling mapatawad o di pangkaraniwang mga pangyayari, o pagkatapos maisaalang-alang ang karanasan ng indibidwal na mag-aaral.

- Pagbebenta ng ilegal na mga Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Reseta o Gamot na Mabibili ng Walang Reseta
- Pagbebenta ng Inuming may Alkohol
- Pamamahagi ng ng ilegal na Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Reseta o Gamot na Mabibili ng Walang Reseta
- Pamamahagi ng Inuming may Alkohol
- Pagmamay-ari ng ilegal na mga Gamot, Kontroladong Sangkap, Reseta o Gamot na Mabibili ng Waliang Reseta
- Pagsalakay
- Walang matwid na Pagsalakay– (Pangkalahatan para sa mga mag-aaral ng elementarya)
- Sekswal na Pagsalakay
- Pagbebenta ng Marihuana
- Pamamahagi ng Marihuana
- Pagmamay-ari o Paggamit ng Marihuana
- Pangingikil, Pangunguwalta, Pamimilit
- Pakikipag-away
- Pananakot ng Karahasan
- Hazing
- Armas
- Mapanganib na mga Armas
- Mga Maliit na Natitiklop na Kutsilyo
- Mga Paputok, Pampasabog, Kemikal at Gamit na Pang-sunog
- Mga Laruan na Ginagamit Bilang Armas
- Panloloob
- Pagnanakaw
- Pagnanakaw sa loob ng Bahay o Gusali
- Pagkakaroon ng Nakaw na Gamit
- Malisyosong Kapilyuhan na Makasira ng Ari-arian
- Pananakot sa mga Maykapangyarihan sa Paaralan
- Panghihimasok sa mga Maykapangyarihan sa Paaralan
- Malisyosong Pananakot

#### Di-karaniwang Maling Pag-uugali:(Karugtong)

- Gang/Aktibidad ng Grupong may Poot
- Pagpasok ng Walang Pahintulot
- Paggamit ng Kompyuter ng Walang Pahintulot, Paglilkot sa Gawa ng Iba, at Paggamit sa Maling Paraan
- Sunog
- Maling Alarma
- Maling Pagbabanta
- Maling Pagbabalita
- Malaswang Pag-uugali
- Iba pang di-Pangkaraniwang Maling Pag-uugali

### Mahalagang Tala:

Ang mga mag-aaral na sumira o tumampalasan sa ari-arian na pag-aari ng Mga Pampublikong Paaraln ng Seattle, kontratista ng Distrito, isang kawani, o ibang mga mag-aaral ay maaaring atasan na gumawa ng pagbabayad-pinsala sa sinirang iyon. Ang hindi paggawa nuon ay maaaring magresulta sa pagkapigil ng grado, tala ng grado o diploma ng mag-aaral. Karagdagan sa alituntunin sa itaas, bawa`t paaralan ay magpapatibay ng mga alituntunin at ipamamahagi sa bawa`t mag-aaral na siyang mamamahala sa asal ng mag-aaral sa partikular na paaralang iyon. Kapag nilabag ng mga mag-aaral ang mga alituntuning iyon maaari silang madisiplina.

**Ano ang Mangyayari Kung Nilabag ng mag-aaral ang isang Alituntunin?**
Kailanma`t ikaw ay inakusahang lumabag sa isang alituntunin, mayroon kang karapatan na ipaliwanag ang panig ng iyong istorya sa iyong guro, tagapayo, katulong na punong-guro, o punong-guro bago ka disiplinahin. Ang iyong magulang/tagapag-alaga ay maaari ring makipagkita sa kawani ng paaralan upang tulungang matukoy, lutasin ang mga problema, at upang tiyakin ang tamang kalalabasan. Subali`t, kung ang kasalanan ay lubhang grabe maaari kang masuspinde o mapatalsik. Ang isang tagapamahala ng paaralan ay maaaring emerhensiyang magpatalsik sa iyo kaagad, sa kondisyong mayroong sapat na dahilan na paniwalaan na ang iyong pananatili ay mapanganib at/ o ito`y magiging dahilan ng malubhang kaabalahan sa loob ng paaralan, na manatili ka sa mga klase, para sa mga aktibidad, at ibang magkakaugnay na mga pagdiriwang ng paaralan. Kung ikaw ay nasuspendido, napatalsik, o emerhensiyang napatalsik, ikaw ay tatanggap ng nakasulat na Patalastas na Aksiyon sa Disiplina (NDA) sa loob ng 24 na oras.

.

#### Paano Kung Inaakala Mong Ikaw ay Tinatrato ng Di-Makatarungan?

Kung ang punong-guro o katulong na punong-guro ay nagpanukala na disiplinahin ka, at inaakala mong ang aksiyon pangdisiplina ay di-makatarungan o hindi angkop, may karapatang kang umapela sa ipinataw na disiplina. Ang iba`t ibang proseso para sa apela ay nasasaad sa manwal ng Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral, na maaari mong makuha mula sa iyong paaralan, sa *Tanggapan ng Disiplina ng Mag-aaral* sa 206-252-0820, o sa website ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle sa:

*www.seattleschools.org.*